

Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo

Talaan ng mga nilalaman

3. Panimula

4. Mga Mensahe ng Pinuno

5. Mga Inaasahan

6. Pagsasalita

PINAKAMAHALAGANG KASOSYO

ATING MGA PAMANTAYAN

- 8 Tayo ay nagpoprotekta sa intelektwal na pag-aari at kumpidensyal na impormasyon
- 8 Tayo ay nagpoprotekta sa ating imbensyon
- 9 Tayo ay nagpoprotekta sa ating mga sistema ng impormasyon
- 9 Tayo ay nagpaparangal sa ating pangako sa pagkapribado at pangangalaga sa datos

Pinakamahalagang Kasosyo



Magtulungan
nang malawakan upang lutasin ang mga may mataas na halaga na problema ng kostumer nang mas mabilis at nang mas mahusay

Panalong Pangkat



Makamit
ang mga mahusay na resulta nang magkasama sa isang kapaligiran kung saan ginagawa ng mga empleyado ang kanilang pinakamahusay na trabaho"

PANALONG PANGKAT

ATING MGA PAMANTAYAN

- 11 Tayo ay patuloy na bumubuo ng kultura ng pagsasama at integridad
- 11 Tayo ay lumilikha at nagpapanatili ng kapaligiran sa trabaho na positibo, ligtas at produktibo
- 11 Tayo ay nagpaparangal sa ating mga pangako sa mga karapatang pantao
- 12 Tayo ay nangangako sa pagpapanatili at tayo ay sumusuporta sa ating mga komunidad

ATING MGA PANGUNAHING KAHALAGAHAN

Responsibilidad at Integridad



Gumana
nang may tiwala sa isa't isa at paggalang upang makagawa ng positibong kontribusyon sa industriya atkomunidad



Lumikha
ng mapagpaligsahang kalamangan at maghatid ng mga katangi-tanging resulta na lumilikha ng halaga at nagpapasimula ng paglago

Pagganap na Kabilang sa mga Pinakamahusay sa Mundo

- 14 Tayo ay sumusuporta sa isang patas at bukas na merkado ng mga seguridad
- 15 Tayo ay nagbabawal ng lahat ng anyo ng katiwalian
- 15 Tayo ay umiiwas sa mga salungatan ng interes
- 16 Tayo ay sumusunod sa mga internasyonal na regulasyon sa kalakalan
- 16 Tayo ay sumusunod sa mga kinakailangan sa pagkontrata ng gobyerno
- 16 Tayo ay nagpapanatili ng mga tumpak na talaan

ATING MGA PAMANTAYAN
RESPONSIBILIDAD AT INTEGRIDAD

- 18 Tayo ay nakapangako sa kalidad
- 18 Tayo ay nakikipagkumpetensiya nang walang kinikilingan
- 18 Tayo ay nakikipag-usap nang tumpak
- 19 Tayo ay namimili ng mga supplier na may integridad
- 19 Tayo ay nagtatrabaho nang responsable kasama ang mga kasosyo sa negosyo
- 19 Tayo ay nagtataguyod ng ating mga pamantayan

ATING MGA PAMANTAYAN
**PAGGANAP NA KABILANG SA MGA
PINAKAMAHUSAY SA MUNDO**

Mga Mensahe ng Pinuno

Mga Inaasahan

Pagsasalita



Panimula



Punong Ehekutibong Opisyal -- Gary Dickerson

Sa Applied, Ginagawang Posible (Make Possible®) ang isang Mas Mahusay na Kinabukasan ng ating mga inobasyon. Sa nakalipas na limang dekada, nakapagtatag tayo ng reputasyon bilang nangunguna sa inobasyon, isang responsableng

korporasyon na mamamayan at isang mahusay na lugar para magtrabaho. Nasa pundasyon ng ating tagumpay ang malakas na diwa ng layunin at isang pangkat ng mga ibinahaging kahalagahan – upang maging ang pinakamahalagang kasosyo, upang magtrabaho bilang isang panalong koponan, upang kumilos nang may responsibilidad at integridad, at upang maghatid ng pagganap na kabilang sa mga pinakamahusay sa mundo.

Habang nagtrabaho tayong lahat upang Gawing Posible ang isang Mas Mahusay na Kinabukasan, mahalaga sa ating tagumpay na gumagana ang ating negosyo nang may pinakamataas na integridad sa lahat ng aspeto. Ang Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo ay ang ating patnubay para sa pagkilos nang responsable at sa pagtitiyak ng mga pinakamataas na etikal na pamantayan sa ating mga interaksyon sa mga kasamahan, customer, supplier, at komunidad kung saan tayo nagtrabaho at nabubuhay. Responsibilidad ito ng lahat – kasama ang ating mga ehekutibo, opisyal, Lupon ng Mga Direktor, at bawat isa at lahat ng empleyado – na basahin, unawain, at sumunod sa mga Pamantayang ito, gayon din sa mga ibang patakaran ng Kumpanya.



Gary E. Dickerson

Presidente at Punong Ehekutibong Opisyal ng
Applied Materials, Inc.



Punong Opisyal sa Legal -- Teri Little

Sa Applied, tayo ay may pribilehiyo at ipinagmamalaki natin na makipag-negosyo sa maraming bansa sa buong mundo. Bilang isang pandaigdigang kumpanya, sumasailalim tayo sa ilang mga batas at regulasyon, at tayo ay nakapangako sa paggalang at pagsunod sa mga ito sa lahat ng hurisdiksyon kung saan tayo nagnenegosyo.

Ang ating Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo ay nakatulong sa ating kakayahang gawin iyan. Ipinapahiwatig nito ang ating mga pangunahing kahalagahan, gayundin ang mga patakaran, mga pamamaraan at pag-uugali na gumagabay sa atin nang araw-araw, sa lahat ng ating ginagawa. Ang pagkilos nang may integridad, pagpapakita ng kultura ng pagsasama, at pagsusunod sa mga batas – pagsasakatuparan ng ating mga kahalagahan – ay ang paraan kung paano tayo, nang indibidwal at nang sama-sama, pinoprotektahan at pinapanatili ang reputasyon ng ating kumpanya.



Teri Little

Nakatataas na Bise Presidente, Punong Opisyal sa Legal at Kalihim ng Korporasyon
Applied Materials, Inc.



Mga Inaasahan sa Ating mga Pinuno

Lahat ng tao sa Applied ay responsable sa pagsunod sa ating Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo. Ang ating mga direktor at mga opisyal, gayon din ang mga ibang ehekutibo at kasapi ng pamamahala, ay may espesyal na responsibilidad na mamuno bilang halimbawa at modelo ng ating mga pangunahing kahalagahan sa bawat araw.

Mga Responsibilidad ng mga Pinuno:

- **Mamuno bilang halimbawa.** Itakda ang tono para sa integridad sa loob ng iyong pangkat, hindi lang sa pamamagitan ng mga salita, kundi sa pamamagitan ng iyong mga pang-araw-araw na kilos.
- **Ipaalam ang mga inaasahan.** Kausapin ang iyong pangkat tungkol sa paggawa ng mga etikal na desisyon, pagkilos nang may integridad, at sa kahalagahan ng pag-unawa sa mga patakarang naaangkop sa kanila.
- **Maging malinaw sa iyong mga mensahe.** Itakda ang mga inaasahan na malinaw at naaayon sa ating mga kahalagahan. Ang paggawa ng tama ay isang inaasahan.
- **Lumikha ng isang kapaligiran na ligtas at magalang.** Gumawa ng mga hakbang upang tiyakin na ang iyong pangkat ay kumportableng maghain ng mga alalahanin at nararamdamang narinig sila kapag ginawa nila ito.



Mga Inaasahan sa Bawat Isa

Umaasa ang Applied sa bawat isa sa atin upang kumilos nang may sukdulang integridad at propesyonalismo sa ating mga interaksyon sa isa't isa, sa ating mga kasosyo sa negosyo, at kapag kumakatawan sa Applied.

Ating mga Responsibilidad:

- **Managot.** Basahin, kilalanin at sundin ang mga patakarang at mga pamamaraang naaangkop sa iyong mga gawain at mga tungkulin.
- **Magsalita.** Magtanong at humingi ng tulong kapag kailangan ito. Maghain ng mga alalahanin kapag nakikita natin ang pag-uugaling hindi naaayon sa ating mga kahalagahan, mga pamantayan, at mga patakarang.
- **Makipagtulungan at protektahan.** Kapag hiniling na sumali sa isang imbestigasyon ng kumpanya, lahat tayo dapat magtulungan. Maging bukas at makatotohanan, protektahan ang pagkakumpidensyal, at preserbahin ang mga talaan ng kumpanya kapag hiniling na gawin ito.
- **Gamitin ang pangangasiwa.** Kapag pinamamahalaan ang ating mga relasyon sa mga kasosyo sa negosyo, tiyaking alam nila ang ating mga kahalagahan, mga patakarang, at mga inaasahan.



Mga Inaasahan ng Ating mga Kasosyo sa Negosyo

Inaasahan nating sumunod din ang ating mga kasosyo sa ating Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo. Hinahanap natin ang mga kasosyo na may mga kaparehong kahalagahan at mataas na pamantayan para sa integridad at propesyonalismo. Kapag nagbibigay ng mga produkto at mga serbisyo o kumikilos para sa atin, kinakailangang unawain at sundin ng lahat nating kasosyo ang Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo ng Applied Materials para sa mga Kasosyo sa Negosyo.





Tayo ay Nagtatanong at Naghahain ng mga Alalahanin

Kapag nakasaksi tayo o hiniling na magsangkot sa asal na hindi naayon sa mga kahalagahan o mga patakaran ng Applied, inaasahan tayong magsalita at humingi ng patnubay, at susuportahan tayo sa paggawa nito.

May maraming mapagkukunang makukuha upang tulungan ka sa iyong mga tanong o mga alalahanin.

- Makinig dapat ang iyong manager at tugunan ang iyong mga alalahanin.
- Maaari kang makipag-kontak nang direkta sa Global Ethics & Compliance o sa isa pang kasapi ng Legal & Compliance Organization.
- Maaari ka ring makipag-kontak sa Global Employee Relations, Human Resources o Global Internal Audit.



Tayo ay Nagsasalita, Kahit na Mahirap Ito

Kapag hiniling sa isa sa atin na magsangkot sa, o saksihan ang ibang lumalahok, sa asal na hindi naayon sa ating mga kahalagahan at mga patakaran sa Applied, inaasahan tayong magsalita at humingi ng patnubay, at maaaring makaasa kang masuportahan sa paggawa nito.

Kahit hindi laging madaling maghain ng mga alalahanin, lalo na kung hindi tayo sigurado kung paglabag ang isang bagay, mahalagang gawin natin ito.

Sineseryoso ng Applied ang lahat ng ulat at trinatrato ang mga ito nang may pagkasensitibo at mabuting pagpapasya.



Hindi Natin Pinaparaya ng Paghihiganti

Ipinagbabawal ng Applied ang anumang paghihiganti laban sa sinuman dahil sa pagtatanong o pag-uulat ng mga problema nang may mabuting pananalig. Dapat tayong malayang magtanong, gumawa ng ulat, o lumahok sa anumang pagsisiyasat nang walang takot.

Kung nararamdaman mong ikaw, o sinumang iba pa, ay ginagantihan, dapat mong kontakin agad ang iyong manager, Global Ethics & Compliance o isa pang kasapi ng Legal & Compliance Organization, Employee Relations, Human Resources, o Global Internal Audit.

Ang sinumang gumaganti sa mga iyon na nagsasalita nang may mabuting pananalig ay didisiplinahin, hanggang sa at kasama ang pagsisante.

Ano ang Helpline sa Etika?

Kaya itinatag natin ang Kailangang ng lakas ng loob upang magsalita kapag may isang bagay na hindi tama. Nauunawaan nating maaaring maging hindi kumportable o nababahala ang mga empleyado at kasosyo sa negosyoHelpline sa Etika.

Magagamit ang Helpline sa Etika nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at tinatauhan ng mga propesyonal na nagsasalita ng 11 iba't ibang wika. Pinamamahalaan ito ng isang independyenteng tagapagbigay ng serbisyo na nagbibigay ng kumpidensyal at walang pangalang mga serbisyo sa pag-uulat sa mga kumpanya sa buong mundo. Kapag ginamit mo ang Helpline sa Etika, magpapadala ng ulat ang independyenteng tagapagbigay ng serbisyo sa Global Ethics & Compliance.

Sa mga tiyak na bansa, ang pag-uulat nang walang pangalan ay hindi magagamit dahil sa mga naaangkop na batas. Maaari mo pa ring kontakin ang Global Ethics & Compliance sa ethics_everywhere@amat.com o isa pang kasapi ng Legal & Compliance Organization, Global Employee Relations, Human Resources o Global Internal Audit.



Contact Us

ethics_everywhere@amat.com
helpline.appliedmaterials.com

IP at Kumpidensyal na Impormasyon

Inobasyon

Mga Sistema ng Impormasyon

Pagkapribado at Datos

Pinakamahalagang Kasosyo

...nakikipagtulungan nang malawakan upang
lutasin ang mga may mataas na halaga na
problema nang mas mabilis at mas mabuti

TAYO AY NAKIKIPAGTULUNGAN NANG MALAWAKAN UPANG LUTASIN ANG MGA MAY MATAAS NA HALAGA NA PROBLEMA NANG MAS MABILIS AT MAS MABUTI.

TAYO AY BUMUBUO NG TIWALA SA PAMAMAGITAN NG PAGTUGON SA ATING MGA PANGAKO AT PANGANGALAGA NANG WALANG HUMPAY SA INTELEKTUWAL NA PAG-AARI AT DATOS.

Tayo ay nagpoprotekta sa Intelektuwal na Pag-aari at kumpidensyal na impormasyon

Tayo ay nagpoprotekta sa intelektuwal na pag-aari at kumpidensyal na impormasyon. Ang mga ito ay ang pundasyon ng ating inobasyon at hinikayat ang ating mapagkumpitensyang kalamangan sa pamilihan. Tayong lahat ay may responsibilidad na protektahan ang impormasyong ito mula sa pagnanakaw at hindi sinasadyang pagsisiwalat. Bilang dagdag, tayo ay responsable para sa paggalang at pagprotekt sa mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari ng ating mga kostumer, mga supplier at mga iba pang ikatlong partidong kanegosyo natin. Sa walang pagkakataon tayo kukuha o magtatangkang kumuha nang hindi tama ang pagmamay-ari o kumpidensyal na impormasyon ng iba.

Kung kailangan nating isiwalat ang kumpidensyal na impormasyon sa anumang kumpanya o sinumang tao, kukuha muna tayo ng naaangkop na awtorisasyon at titiyaking naipatupad na ang isang kasunduan ng hindi pagsisiwalat na aprubado ng Legal & Compliance Organization. Humihingi tayo ng patnubay mula sa Legal & Compliance Organization bago humiling ng kumpidensyal na impormasyon mula sa isang panlabas na partido.



Tayo ay nagpoprotekta sa ating inobasyon

Lahat ng mga imbensyon, kung makakakuha man ng patente o hindi, na binago ng ating mga empleyado ay pag-aari ng Applied Materials. Ang isang pagbubukod sa tuntuning ito ay para sa mga imbensyong hindi nauugnay sa anumang paraan sa mga produkto, pananaliksik o negosyo ng Applied, ganap na binuo sa sariling oras ng empleyado, at binuo nang walang paggamit ng anumang mga propyedad, kagamitan, mga pasilidad o mga mapagkukunan ng Applied.

Pagkatapos buuin ang isang imbensyon, inaasahan ang mga empleyado na magsumite kaagad ng Form ng Pagsisiwalat ng Imbensiyon sa sistema ng pamamahala ng patente (IPMatters/), kahit hindi sila sigurado kung maaaring ipatente ang imbensyon o na magagamit sa isang produkto.



ALAM MO BA?

Kumpidensyal na Impormasyon (tinutukoy din bilang Confidential Information, CI) ay ang anumang pang-negosyo o teknikal na impormasyon na pag-aari ng Applied, ng mga kostumer nito, mga supplier o mga iba pang ikatlong partido na hindi alam sa publiko o ibinigay o tinanggap na sa ilalim ng obligasyon ng pagkakumpidensyal.

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Maaari ko bang ibahagi ang kumpidensyal na impormasyon sa ibang empleyado ng Applied?

Dapat mo lang ibahagi ang kumpidensyal na impormasyon sa mga empleyadong awtorisadong makita ito at may pangangailangang malaman ang impormasyon bilang bahagi ng kanilang mga tungkulin.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

Pandaigdigang Patakaran sa Social Media

Pamamahala ng Kumpidensyal na Impormasyon

Pagpoprotekta ng mga Sikreto ng Kalakalan

[ipmatters/](#)

[vip/](#)

Tayo ay nagpoprotekta sa ating mga sistema ng impormasyon

Sa ating dinamikong negosyo, dapat nating gamitin ang mga pakinabang ng Kumpanya nang may kakayahan hangga't maaari at manatiling alerto sa mga oportunidad sa paghusay sa pagganap at pagbawas sa gastos. Bawat isa sa atin ay responsable para sa wastong paggamit ng pag-aari, pasilidad, sistema, at kagamitan ng Kumpanya. Bilang dagdag, responsable ang bawat isa sa atin sa pagprotektang sa mga mapagkukunang ipinagkatiwala sa atin. Tayo ay nagpoprotekta sa seguridad ng ating mga sistema at mga network ng teknolohiya mula sa mga banta sa cybersecurity, pag-hack, mga service denial attack, mga paghingi ng ransom at pagnanakaw sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran at mga alerto ng infosec.

Kapag nalaman natin na may potensyal o aktuwal na problema sa cybersecurity, agad natin iuulat ito sa GIS Service Desk sa.

Tayo ay gumagamit ng mga sistema ng Applied para lang sa mga layunin ng negosyo o nauugnay na personal na paggamit para sa mga aktibidad na naaayon sa batas at hindi pang-komersyo. Tayo ay gumagawa ng makatwirang pangangalaga at gumagamit ng tamang paghuhusga tungkol sa gayong paggamit habang pinapanatili ang ating obligasyong protektahan ang ating intelektuwal na pag-aari at kumpidensyal na impormasyon. Dahil ang ating mga sistema sa teknolohiya ay pag-aari at kontrolado ng Applied at nilalayon para sa mga paggamit sa negosyo, wala tayong inaasahang pagkapribado, sumasailalim sa lokal na batas at patakaran, tungkol sa anumang komunikasyon at datos. Kabilang dito ang impormasyong ating ina-akses, iniimbak, o ipinapadala sa pamamagitan ng mga sistema, mga network, at mga aparato sa panahon ng kurso ng ating pagtrabaho sa Applied.

Tayo ay nagtitiyak na ang personal na paggamit ng mga sistema ng Applied ay hindi sumasalungat sa mga interes ng kumpanya, lumalabag sa Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo na ito, lumilikha ng panganib sa seguridad o batas, o nauugnay sa kumpanya ang mga mensaheng pang-relihiyon, pang-politika o pang-komersyo na hindi nito naaprubahan.

Tayo ay nagpaparangal sa ating pangako sa pagkapribado at pangangalaga sa datos

Maraming mga bansa ang may mga batas sa pagkapribado ng datos na namamahala sa naaangkop na pagkolekta at paggamit ng personal na impormasyon. Ang ibig sabihin nito ay ang impormasyon na maaaring gamitin upang kilalanin ang isang indibidwal, alinman sa mag-isa o kapag pinagsama sa ibang nagpapakilalang impormasyon, tulad ng adres sa email, pisikal na adres, numero ng pagkakakilanlan sa gobyerno, o numero ng telepono. This highlighted text is not the correct text for the mentioned change. The correct text (in the next paragraph) has been highlighted and commented with the implemented change.

Naniniwala tayo na ang responsableng pangangasiwa ng personal na impormasyon at datos ay tumutulong panatilihin ang tiwala sa Applied – kung personal na impormasyon ng ating mga empleyado, kostumer o mga ikatlong partido na kanegosyo natin. Tumutulong tayong panatilihin ang tiwalang iyon sa pamamagitan ng pagiging magalang at malinaw, at sa pamamagitan ng pagsunod sa ating mga patakaran at lahat ng naaangkop na mga batas sa pagkapribado ng datos, kapag kumokolekta, gumagamit, nagproseso, nag-iimbak, o nagsisiwalat ng personal na impormasyon.

Bilang mga empleyado ng Applied, responsable ang bawat isa sa atin para sa pagtiyak ng pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, mga pang-kontrata na obligasyon, at mga patakaran ng kumpanya kapag pinangangasiwaan ang personal na impormasyon at datos ng kasosyo sa negosyo. Kapag may mga tanong, problema, o alalahanin, kumokonsulta tayo sa isang kasapi ng Privacy & Data Governance na pangkat o mga iba pa sa Legal & Compliance Organization.

ALAM MO BA?

Narito ang ilang mga pinakamahusay na gawain sa seguridad ng impormasyon:

- Panatilihin ang mga update sa computer
- Buksan lamang ang mga email mula sa mga kilalang nagpadala
- Humiling ng pahintulot bago mag-install ng software
- Huwag laktawan ang mga kontrol sa seguridad
- Huwag gumamit ng mga hindi awtorisadong natatanggal na imbak na aparato
- Panatilihin protektado ang mga password, huwag ibahagi ang mga ito
- Huwag pagtiwalaan ang pampublikong Wi-Fi (sa mga airport, hotel, atbp.)
- Iwasan ang paghahalo ng mga pang-negosyo at pang-personal na file

Ang Personal na Impormasyon ay ang anumang impormasyong nauugnay sa isang nakilala, o makikilala, natural na tao, o ibang impormasyong bumubuo sa personal na datos sa ilalim ng anumang naaangkop na batas. Kabilang dito, halimbawa, ang pangalan, impormasyon sa pagkontak, pambansang numero ng pagkakakilanlan, ID ng empleyado, mukha, mga bakas-daliri o sulat-kamay, digital na identidad, mga kaarawan, at mga kredensiyal ng gumagamit ng teknolohiya

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Maaari ko bang gamitin ang aking computer ng kumpanya upang basahin ang aking personal na email at mga blog?

Pinapahintulutan ang ilang nauugnay na personal na paggamit ng mga mapagkukunan ng kumpanya, ngunit kung gusto mong magsangkot sa talakayan o pagtataguyod ng mga pananaw na pang-politikal, panlipunan, pang-relihiyon, pang-personal, pang-pinansiyal, o pang-komersyo, dapat mong gawin ito sa iyong personal na oras na hindi nauugnay sa trabaho gamit ang iyong personal na account sa email at kagamitan.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

Patakaran sa Pagpapanatili ng Dokumento

Pandaigdigang Patakaran sa Panloob na Pagkapribado

Pandaigdigang Patakaran sa Pagkuha ng Imaheng Pangseguridad at Pagrekord ng Audio

Patakaran sa Pamamahala ng Seguridad ng mga Sistema ng Impormasyon

help/

privacy/

Kultura ng Pagsasama

Kapaligiran sa Trabaho


Mga Karapatang Pantao

Pagpapanatili



Panalong Pangkat

...ay nagkakamit ng mga mahusay na resulta nang magkasama sa isang kapaligiran kung saan ginagawa ng mga empleyado ang kanilang pinakamahusay



TAYO AY NAGKAKAMIT NG MGA MAHUSAY NA RESULTA NANG MAGKASAMA SA ISANG KAPALIGIRAN KUNG SAAN GINAGAWA NG MGA EMPLEYADO ANG KANILANG PINAKAMAHUSAY NA TRABAHO.

GINAGAMIT NATIN ANG ATING TALENTO NANG HANGGANG SA PINAKAMALAKING KALAMANGAN UPANG MAGHATID NG MGA MATAAS NA KALIDAD NA PRODUKTO AT SERBIYSO SA MERKADO.

Tayo ay patuloy na bumubuo ng kultura ng pagsasama at integridad

Mapagsama tayo sa lahat ng ating mga interaksyon at ginagamit ang ating pagkakaiba-iba at integridad nang hanggang sa pinakamalaking kalamangan upang lutasin ang mga problema at magpabago. Tayo ay kumikilos nang may paggalang sa ating mga kasamahan at nagtataguyod ng isang napapabilang, positibong lugar ng trabaho kung saan ang bawat isa ay nakakaramdam ng pagiging kabilang. Tayo ay gumagawa ng aksyon upang madagdagan ang mga pagkakataon sa trabaho para sa mga kababaihan, mga minorityang hindi kinakatawan, mga taong may kapansanan, at mga beterano. Tayo ay nagbibigay ng mga makatwirang kaluwagan sa mga kwalipikadong empleyado upang paganahin sila na isagawa ang mahahalagang tungkulin ng kanilang trabaho. Pinapasalamat at pinahalagahan natin ang mga pagkakaiba ng iba at palaging tinatrato ang ating mga kasamahan at mga kasosyo sa negosyo nang may lubos na paggalang.



Tayo ay lumilikha at nagpapanatili ng kapaligiran sa trabaho na positibo, ligtas at produktibo

Tayo ay nagbabahagi ng responsibilidad para sa pagtataguyod ng pagtutulungan ng magkakasama at pakikipagtulungan, gayon din ang pagpapanatili ng kapaligiran ng trabaho kung saan hindi kinukunsinti ang diskriminasyon, panliligalig, at hindi ligtas na mga gawain sa trabaho. Tayo ay gumagamit lamang ng merito at pamantayan sa trabaho lang, tulad ng karanasan at pagganap, sa mga pagpasya sa pag-rekrut, pagtanggap sa trabaho, promosyon, pagsasanay, kompensasyon, mga benepisyo, pagsisante, at mga panlipunang programa.

Dapat nating i-endorso ang ligtas na mga gawain sa trabaho, kumpletuhin ang kinakailangang pagsasanay sa kaligtasan, at sumunod sa lahat ng mga batas sa kalusugan at kaligtasan, mga regulasyon at mga patakaran ng kumpanya upang protektahan ang kaligtasan, kalusugan at pangkalahatang kapakanan ng manggagawa.

Tayo ay nagpaparangal sa ating mga pangako sa mga karapatang pantao

Iginagalang natin ang mga kaparatang pantao at dignidad ng mga tao sa buong operasyon at sa ating pandaigdigang supply chain. Tayo ay sumusunod at inaasahan rin natin ang ating mga kasosyo sa negosyo ay sumunod sa: (i) mga batas na nagtataguyod ng isang magkakaibang lakas-paggawa, ligtas na mga kondisyon sa pagtrabaho, at indibidwal na seguridad; (ii) mga batas na nagbabawal sa sapilitang paggawa, pagtrabaho ng mga batang kulang sa edad, at pagbebenta ng tao; at (iii) mga batas na pumipigil sa diskriminasyon laban sa mga empleyado at manggagawa batay sa kanilang pagsangkot sa anumang samahang naaayon sa batas. Ang ating pangako at pananaw sa mga problemang ito ay ipinapakita sa ating [Pahayag ng mga Prinsipyo sa mga Pantao na Karapatan](#).

ALAM MO BA?

Labag sa batas ang paggawa ng mga pagpasyang nauugnay sa lakas-paggawa batay sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kanunu-nunuan, relihiyon, edad, kasarian (kabilang ang pagbubuntis, panganganak o mga nauugnay na medikal na kondisyon), seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan sa pag-aasawa, pisikal na kapansanan, mental na kapansanan, medikal na kondisyon, genetic na impormasyon, katayuan sa pagliban para mangalaga sa pamilya, katayuan ng beterano, o anumang ibang batayang ipinagbabawal ng batas.

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Ang mga empleyadong may alam o naghihinala na sila o sinumang iba pa ay dumanas ng diskriminasyon ay dapat mag-ulat agad nito – alinman sa kanilang manager, Global Employee Relations, Human Resources, Global Ethics & Compliance, isa pang kasapi ng Legal & Compliance Organization, o Global Internal Audit.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

[Responsibilidad ng Korporasyon](#)

[Pandaigdigang Patakaran Laban sa Pambata at/o Sapilitang Paggawa](#)

[Manwal ng Patakaran sa mga Pantao na Mapagkukunang](#)

[Pahayag ng mga Prinsipyo sa mga Pantao na Karapatan](#)

[Pahayag sa ilalim ng California Transparency in Supply Chain Act](#)

ehs/

er/

Tayo ay nangangako sa pagpapanatili, at tayo ay sumusuporta sa ating mga komunidad

Tayo ay naniniwala sa paggawa ng makahulugang aksyon upang isulong ang ating pananaw na gawing mas mahusay na lugar ang mundo. Ang pangangalaga sa kapaligiran ay bahagi ng ating responsibilidad ng kumpanya sa mga kasalukuyan at hinaharap na henerasyon. Isinasaalang-alang ng ating komprehensibo pananaw sa pagpapanatili ang ating direktang epekto at paano natin pinapatakbo ang ating negosyo (1X), sa epekto ng ating industriya at ng ating mga kostumer at mga supplier (100X), at paano maaaring gamitin ang ating teknolohiya upang isulong ang pagpapanatili sa pandaigdigang lawak (10,000X).

Tayo ay nakapangako sa pag-ambag sa mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo at ipatupad ang mga inaasahan ng isang ibinahaging pananaw na iwanan ng mas mabuting lugar ang mundo. Bilang bahagi ng pangakong iyan, pinapanatili natin ang pagkakawanggawa programa ng korporasyon upang suportahan ang mga organisasyon at mga aktibidad sa mga komunidad na ito at tiyaking na sumusunod ang ating programa sa lahat ng mga naaangkop na patnubay ng gobyerno, gayundin ang mga panloob na patakaran.



ALAM MO BA?

Nakikipagtulungan ang Applied Materials Foundation sa mga nonprofit upang mapahusay ang edukasyon, pakikilahok sa gawaing panlipunan, sining at kultura, kalikasan, at pagbibigay-lakas sa kababaihan. Sa pamamagitan ng mga programa sa pagtutugma ng gawad at boluntaryo ng pundasyon, makakagawa ang ating mga empleyado ng mahalagang epekto sa ating mga komunidad.

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Paano kung gusto kong magbigay ng donasyon sa isang lokal na kawanggawa kapalit ng pagbibigay ng regalo sa isang kasosyo sa negosyo. Paano ako dapat magpatuloy?

Dapat ka munang kumuha ng paunang pag-apruba sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsumite ng Form sa mga Donasyon ng Korporasyon, na ipapaikot sa iyong manager, Communications & Public Affairs (C&PA), at Global Ethics & Compliance para sa pag-apruba.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

Form sa mga Donasyon ng Korporasyon

Responsibilidad ng Kumpanya

RBA na Kodigo ng Asal

esg/

ethics/

giving/

Tagaloob na Pangangalagal

Paglaban sa Katiwalian

Mga Salungatan ng Interes

Internasyonal na Kalakalan

Mga Kontrata ng Gobyerno

Mga Tumpak na Talaan

Responsibilidad at Integridad

...gumagana nang may kabilaang
pagtitiwala at paggalang upang
makagawa ng positibong ambag
sa industriya at komunidad

TAYO AY GUMAGANA NANG MAY KABILAANG PAGTITIWALA AT PAGGALANG UPANG MAKAGAWA NG POSITIBONG AMBAG SA INDUSTRIYA AT KOMUNIDAD. TAYO AY HUMIHINGI NG PATNUBAY KAPAG KAILANGAN AT PINAPANAGUTAN ANG ATING MGA AKSYON.

TAYO AY SUMUSUNOD SA LAHAT NG MGA NAAANGKOP NA BATAS AT REGULASYON. TAYO AY KUMIKILOS NANG MAY INTEGRIDAD AT PINAPANAGOT NATIN ANG ATING MGA SARILI.

Tayo ay sumusuporta sa isang patas at bukas na merkado ng mga seguridad

Hindi tayo nangangalakal ng mga security kung mayroon tayong mahalagang, hindi pampublikong (“panloob”) na impormasyon, at hindi rin tayo nagbibigay ng nasabing impormasyon sa mga iba.

Paminsan-minsan, maaari tayong magkaroon ng pag-akses sa impormasyon na hindi alam ng pangkalahatang publiko at itinuturing ng isang makatwirang mamumuhunan na mahalaga sa paggawa ng pagpasya upang bumili, magbenta o hawakan ang mga security ng Applied o ng ating mga kasosyo sa negosyo. Kung may hawak tayong anumang mahalagang, hindi pampublikong impormasyon ng Applied o ng kasosyo sa negosyo, hindi tayo makabili o makabenta ng mga security ng Applied o ng kasosyo sa negosyo hanggang maisiwalat ang impormasyon sa publiko – kahit pa hindi batay sa impormasyong iyon ang ating dahilan sa pangangalakal.

Hindi natin maisiwalat (o “mag-tip”) ng mahalagang, hindi pampublikong impormasyon sa iba, kabilang ang mga kaibigan, mga kapamilya, o katrabho na hindi kailangang malaman ang impormasyon at maaaring bumili o magbenta ng mga security sa batayan ng impormasyong iyon. Hindi rin tayo makagawa ng mga rekomendasyon o maghayag ng mga opinyon tungkol sa mga security ng Applied o mga security ng iba pang kumpanya sa batayan ng mahalagang, hindi pampublikong impormasyon.

Bilang pauna sa mga paglabas ng mga kinita sa tatluhan-buwan at iba pang pagkakataon, ang ilang mga indibidwal ang makakatanggap ng abiso sa blackout mula sa Legal & Compliance Organization. Ang mga tatanggap ng abiso sa blackout ay hindi dapat makipagkalakal ng mga security ng Applied sa panahon ng tinukoy ng panahon ng blackout.

Makakatulong tayo upang matiyak ang makatarungan at bukas na merkado ng mga security sa pamamagitan ng pagsunod sa Patakaran sa Tagaloob na Pangangalakal ng Applied at pag-unawa sa mga pagbabawal sa tagaloob na pangangalakal, pagbibigay ng tip, at mga komunikasyon tungkol sa mahalagang, hindi pampublikong impormasyon.



ALAM MO BA?

Maaaring kabilang sa mahalagang, hindi pampublikong impormasyon ang:

- Mga hindi naisiwalat na pang-pinansyal na resulta at pagtatantya
- Mga hindi ipinaalam pagsasanib at pagkuha
- Mga hindi napalabas na produkto
- Iba pang impormasyong hindi karaniwang kilala na maituturing na mahalaga ng isang makatwirang namumuhunan

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Ano ang dapat kong gawin kung kontakin ako ng aking broker tungkol sa isang short sale na transaksyon na nagsasangkot sa aking mga share sa Applied?

Hindi ka dapat magsangkot sa mga pagbabaka-sakali na transaksyon na nauugnay sa mga security ng Applied, kabilang ang mga short sale, mga derivative na security at iba pang mga hedging na transaksyon, o anumang transaksyong may o naidisenyo upang magkaroon ng epekto ng hedging o offsetting ng anumang pagbawas ng halaga sa merkado ng mga security ng Applied.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

Patakaran sa Tagaloob na Pangangalakal ethics/

Tayo ay nagbabawal ng lahat ng anyo ng katiwalian

Tayo ay dapat sumunod nang mahigpit sa mga batas na kontra sa katiwalian saanman gumagana ang Applied. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, United States Foreign Corrupt Practices Act (FCPA) at United Kingdom Bribery Act (UKBA), na ipinagbabawal ang lahat ng anyo ng panunuhol at katiwalian ng ating mga direktor, mga opisyal, mga empleyado, mga ahente, at mga iba pang kumikilos ngalan natin. Ang ibig sabihin nito ay hindi tayo kailanman nag-aalok, nangangako, tumatanggap o pinapadali ang mga suhol, mga kickback, o mga iba pang tiwaling aktibidad – kabilang ang pera, mga pabor, mga regalo, aliwan, mga donasyon o mga iba pang benepisyo o tip na nilalayong maimpluwensihan nang hindi tama ang paggawa ng pagpasya ng tatanggap. Naaangkop ang pagbabawal na ito sa mga interaksyon sa parehong pampublikong sektor at pribadong sektor, ngunit dapat tayong gumawa ng dagdag na pag-iingat kapag nag-iinteraksyon sa isang Entidad ng Gobyerno o Opisyal sa Gobyerno.

Kapag nakikipagpalitan ng mga regalo, mga pagkain, aliwan o biyahe – o mga iba pang bagay o mga karanasang may halaga – sa mga kasosyo sa negosyo, dapat mong repasuhin at sumunod sa Pandaigdigang Patakaran sa Pagbibigay at Pagtanggap ng mga Regalo, mga Pagkain, Aliwan at Paglalakbay sa Negosyo (“GMET na Patakaran”), kabilang ang mga naaangkop na kinakailangan sa paunang pag-apruba.



Tayo ay umiiwas sa mga salungatan ng interes

Iniiwasan natin ang mga sitwasyon kung saan ang maaaring makaapekto ang ating mga personal na interes sa ating kakayahang gampanan ang ating mga trabaho o mukhang inuuna ang ating mga personal na interes kaysa sa mga interes ng Applied. Isinisiwalat natin ang anumang aktuwal o potensyal na salungatan ng interes, gayon din ang anumang bagay na maaaring ituring bilang isang salungatan. Kabilang dito ang sumusunod:

- Gusto mong maglingkod bilang kasapi ng isang panlabas na lupon o tagapayo na grupo
- Ikaw o isang kapamilya ay may pinansyal na interes o posisyon ng pamumuno sa isang kasalukuyan o potensyal na supplier, kostumer, iba pang kasosyo sa negosyo o kakumpitensiya ng Applied
- Kasangkot ka sa mga aktibidad sa negosyo sa labas ng Applied, tulad ng pagpapakonsulta na trabaho, part-time na empleyo, o pag-aari ng isang negosyo sa labas.
- Mayroon kang malapit na personal na relasyon (pampamilya o romantiko) sa sinumang nagtrabaho para sa isang kasalukuyan o potensyal na supplier, kostumer, o kakumpitensiya ng Applied, o isang Opisyal sa Gobyerno (Ang isang “Opisyal sa Gobyerno” ay isang empleyado ng isang ahensya ng gobyerno, kumpanyang pag-aari o kontrolado ng gobyerno, pampublikong institusyon, o isang politikal na kandidato)
- Mayroon kang malapit na personal na relasyon (pampamilya o romantiko), o isang pangnegosyo na relasyon, sa sinumang direktor, opisyal, empleyado, o posibleng manggagawa ng Applied

Nirerepaso ng Global Ethics & Compliance ang bawat pagsisiwalat, sinusuri kung paano maaaring pamahalaan ang salungatan o kung masyadong makabuluhan ang salungatan na hindi maaaring pamahalaan.

ALAM MO BA?

Ang “Gobyerno” ay malawak na tinukoy at kinabibilangan ng anumang departamento, ahensya, tanggapan o tulong ng gobyerno sa anumang antas, kabilang ang kompanyang pag-aari o kontrolado ng gobyerno o isang pampublikong institusyon (tulad ng ospital, unibersidad, paaralan o institusyon ng pananaliksik na pinopondohan ng gobyerno), isang pampublikong internasyonal na organisasyon (tulad ng World Bank o United Nations), isang politikal na partido, o isang maharlikang pamilya. Bisitahin ang webpage ng Global Ethics & Compliance (ethics/ sa iyong Applied na browser) upang makita ang listahan ng mga kumpanyang nauugnay sa gobyerno at nakikipagtrabaho sa Applied.

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Ano ang dapat kong gawin kung hilingin sa akin ng isang start-up na teknolohiya na sumali sa lupon ng teknikal na tagapayo nito? Hindi ako makakatanggap ng suweldo, ngunit makakatanggap ako ng stock sa kumpanya, at magkakaroon ako ng pag-akses sa kumpidensyal na impormasyon at intelektuwal na pag-aari nito. Ito ba ay salungatan ng interes?

Oo, ang sitwasyon sa itaas ay nagpapakita ng potensyal na salungatan ng interes. Dapat suriin ng Global Ethics & Compliance kung ang kumpanya ay umiiral o potensyal na supplier, kostumer o kakumpitensiya ng Applied, o isang potensyal na target sa pagbili o pamumuhunan. Kung oo, malamang na hindi ito maaaprubahan.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

Form sa Pagsisiwalat ng Salungatan ng Interes
Form sa mga Donasyon ng Korporasyon
Patakaran sa Pagtrabaho ng mga Kamag-anak
Pandaigdigang Patakaran na Kontra sa Katiwalian
Mga Pandaigdigang Patakaran sa Salungatan ng Interes
Pandaigdigang Patakaran sa Pagbibigay at Pagtanggap ng mga Regalo, mga Pagkain, Aliwan at Paglalakbay sa Negosyo (“GMET na Patakaran”)
Form sa Pag-arpuba ng GMET ethics/

Tayo ay sumusunod sa mga internasyonal na regulasyon sa kalakalan

Ang ating kakayahan na mabilis na ihatid ang ating mga produkto sa mga kostumer, saanman sila gumagana sa buong mundo, ay nagbibigay-daan sa Applied na maging ang pinagkakatiwalaang napiling supplier. Ang Applied ay matatag na nangako sa pagsunod sa lahat ng naaagkop na mga regulasyon sa import at export sa mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Itinataguyod natin ang mga itong patakaran at pamamaraan sa kalakalan upang maiwasan ang mga seryosong kahihinatnan sa kumpanya tulad ng mga pagkaantala ng paghatid ng produkto, mga nadagdagang audit, nasamsam na produkto, mga multa, pagkawala ng reputasyon, pagkawala ng mga pribilehiyo sa export at import, at maging mga parusang kriminal.

Kapag nagsasangkot sa mga internasyonal na negosyo na aktibidad, dapat kang sumangguni sa panloob na site ng Pandaigdigang Kalakalan ng Applied upang maunawaan nang higit pa ang mga patakaran at pamamaraan ng Pandaigdigang Kalakalan. Kung sa anumang oras hindi malinaw sa iyo ang tungkol sa mga kinakailangan sa internasyonal na kalakalan, dapat mo munang kontakin ang Pandaigdigang Kalakalan para sa anumang mga tanong o mga alalahanin.

Tayo ay sumusunod sa mga kinakailangan sa pagkontrata ng gobyerno

Minsan sumasali ang Applied sa mga kontrata sa produkto o serbisyo kasama ang Gobyerno ng United States gayundin sa mga gobyerno ng mga ibang bansa, mga ahensiya ng gobyerno, at mga kontratista ng gobyerno. Ang mga kontratang ito at mga nauugnay na mga proseso ng pagbili ay maaaring sumailalim sa mga espesyal na regulasyon at magpataw ng natatanging kinakailangan sa Kumpanya at sa ating lakas-paggawa. Kung kasangkot sa proseso ng pagtawad para sa mga kontrata o pagganap ng gobyerno sa ilalim ng mga kontratang iyon, dapat nating maunawaan ang anumang mga espesyal na tuntunin at humingi ng patnubay kung kailangan mula sa Legal & Compliance Organization.

Tayo ay nagpapanatili ng mga tumpak na talaan

Ang Applied ay isang pampublikong kumpanyang may obligasyong panatilihin ang tumpak na mga talaan ng pananalapi at maglabas ng tumpak na mga ulat sa mga shareholder nito at sa U.S. Securities and Exchange Commission (SEC). Tayo ay sumusunod sa mga patakaran at kontrol sa pananalapi ng kumpanya gayon din sa pangkalahatang katanggap-tanggap na mga prinsipyo sa accounting. Hindi tayo gumagawa, o nag-uutos sa iba na gumawa, ng palso o nakakalinlang na impormasyon, mga ulat o dokumentasyong na may kaugnayan sa mga gastos, paggastos, o mga iba pang transaksyon, o na may kaugnayan sa anumang ibang talaan ng empleyo o negosyo.

ALAM MO BA?

Pinagbabawalan ang Applied sa pagsali sa mga boikot ng kalakalan na hindi awtorisado ng gobyerno ng United States. Para matiyak ang pagsunod sa mga batas na kontra sa boikot, laging iparepaso sa Legal & Compliance Organization ang mga kasunduan, mga transaksyon, at mga sulat ng kredito na nagtataglay ng potensyal na wikang kaugnay ng boikot.

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Ano ang dapat kong gawin kung nakakaramdam ako na napipilitan akong “palsipikahin ang mga ulat sa pananalapi”?

Ang iyong unang responsibilidad ay ang pagrekord at pag-ulat ng impormasyon nang tama at nang matapat. Kung nakakaramdam ka na napipilitan kang gawin ang pang-ibang paraan, makipag-usap sa sinuman sa Global Ethics & Compliance o kasapi ng Legal & Compliance Organization. Palagi kang may opsyon na kontakin ang Helpline sa Etika, nang walang pangalan kung ginusto mo.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

ethics/
globaltrade/
legal/



Kalidad

Pakikipagkumpetensiya nang
Walang Kinikilingan

Mga Pakikipag-ugnayan

Integridad ng Supplier

Mga Kasosyo sa Negosyo

Pagtataguyod ng Ating Mga Pamantayan

Pagganap na Kabilang sa mga Pinakamahusay sa Mundo

...lumikha ng mapagkumpitensiyang
kalamangan at maghatid ng mga katangi-
tanging resulta na lumilikha ng halaga at
nagpapasimula ng paglago

NAGSASAGAWA TAYO NANG MAY AMBISYON AT MAY WALANG KOMPROMISONG INTEGRIDAD UPANG MAGHATID NG MGA KATANGI-TANGING PRODUKTO, SERBISYO AT RESULTA NG NEGOSYO.

Tayo ay nakapangako sa kalidad

Sa Applied, responsibilidad ng lahat ang kalidad at hindi nagbabagong pagpahusay. Tayo ay nakatuon sa paghatid ng mga maaasahang produkto, mga de-kalidad na serbiyo, at mga inobatibong kalutasan na tumutugon sa mga kinakailangan at kasiyahan ng ating mga kostumer. Tayo ay nakatuon sa paglikha at pagpapanatili ng kultura kung saan ang pagpigil sa depekto ay isang normal na bahagi ng trabaho ng lahat. Nasa gitna ng mapagkumpitensiyang kalamangan ng Applied ang paghatid ng mga de-kalidad at maaasahang kalutasan sa ating mga kasosyo at kostumer.

Tayo ay nakikipagkumpetensiya nang walang kinikilingan

Nangangako ang Applied sa pakikipagkumpetensiya nang walang kinikilingan at pagtatamo ng negosyo sa isang etikal at legal na paraan sa pamamagitan ng paghatid ng mga de-kalidad na produkto at serbiyo na sumusunod sa lahat ng mga naaangkop na batas sa antitrust at kompetisyon. Hindi tayo gumagamit ng mga hindi patas o mapalinlang na gawain upang makakuha ng kalamangan sa ating mga kakumpetensiya.

Ang ating mga pangkat ay nagtrabaho nang malapitan sa Legal & Compliance Organization kapag pumapasok sa isang bagong relasyon upang matiyak na lahat ng mga tuntunin at kondisyon ay naidokumento nang pormal, ipinapaliwanag ang mga karapatan, mga obligasyon, at mga pananagutan ng Applied at ng ibang partido, gayon din ang pagtrato sa accounting para sa partikular na transaksyon. Hindi tayo gumagawa ng anumang pasalita o pasulat na pangako na lumilikha ng isang bagong kasunduan o binabago ang isang umiiral na kasunduan nang hindi kumukuha ng mga pag-apruba mula sa Legal & Compliance Organization at Finance, gayon din sa pagsunod sa mga iba pang kinakailangang proseso.

Tayo ay nakikipag-usap nang tumpak

Maliban kung partikular na awtorisado, hindi tayo nakikipag-usap tungkol sa mga bagay na nauugnay sa Applied sa media, mga kinatawan ng gobyerno, mga namumuhunan, mga analyst, o mga iba pang interesadong partido. Isasangguni natin sa Media Relations ng Kumpanya ang lahat ng katanungan mula sa pahayagan o media. Isinasangguni rin natin sa Media Relations ang lahat ng mga kahilingan sa Applied na lumahok sa mga paglabas sa pahayagan ng ikatlong partido, kabilang ang mga iyong mula sa mga kostumer at mga kasosyo. Kinikilala natin na nagbibigay ang social medial ng mga natatanging oportunidad upang makinig, matuto o magsangkot sa mga iba. Tayo ay gumagamit ng mabuting pagpapasya at tamang paghuhusga kapag nagpo-post ng komunikasyon sa social media na tumutukoy sa o maaaring makita bilang nauugnay sa Applied. Kinikilala natin na bilang mga empleyado, maaaring maunawaan ang ating mga post na kumakatawan sa tatak ng Applied Materials.

Bago mag-post sa social media, dapat nating alamin at sundin ang Pandaigdigang Patakaran sa Social Media at Mga Patnubay sa Social Media ng Applied at laging gawing malinaw na ang iyong mga pananaw ay sarili mo lang at hindi sa Applied



ALAM MO BA?

Kasapi tayo ng Responsible Business Alliance, “ang pinakamalaking koalisyon ng industriya sa mundo na nakatuon sa panlipunang responsibilidad sa mga pandaigdigang supply chain.”

PAGPAPATUPAD NG MGA KAHALAGAHAN NG APPLIED

Paano kung malaman ko ang tungkol sa anumang panggilid na usapan na ginawa sa labas ng kinakailangang proseso sa pag-apruba ng kontrata?

Kung nalaman mo ang tungkol sa anumang panggilid na usapan, panggilid na liham, o kasunduang ginawa sa labas ng kinakailangang proseso sa pag-apruba ng kontrata, iulat kaagad sa iyong manager, Global Ethics & Compliance, o iba pang kasapi ng Legal & Compliance Organization.

ALAMIN ANG HIGIT PA:

**Pandaigdigang Patakaran sa Social Media
RBA na Kodigo ng Asal**

**Mga Patnubay sa Social Media
quality/**

Tayo ay namimili ng mga supplier na may integridad

Tayo ay nagsusumikap na makipagnegosyo sa mga kasosyo sa negosyo lamang na may mga kaparehong kahalagahan at ang ating pangako sa pagsasagawa ng negosyo nang may integridad at pagsunod sa batas. Tinitiyak natin na hindi kabilang sa ating mga pinalawig na supply chain ang mga kumpanyang umaabuso sa mga karapatang pantao, pumipinsala sa kapaligiran, kumukuha ng mga materyal nang hindi etikal, o nagsasangkot sa pag-uugali na labag sa batas o hindi etikal.

- Tayo ay pumipili ng mga supplier batay nang eksklusibo sa kanilang mga gawain, mga serbisyo, at mga produkto sa negosyo
- Tayo ay bumubuo ng mga positibong relasyon sa ating mga supplier na binuo sa tiwala, paggalang, at pagtutulungan
- Inaasahan natin ang ating mga supplier na makipagnegosyo nang etikal at naaayon sa batas
- Tayo ay nakikitungo sa ating mga supplier nang walang kinikilingan at tapat ang at nakikipagkumpitensya nang patas sa pamilihan

Tayo ay nagtatrabaho nang responsable kasama ang mga kasosyo sa negosyo


Sa Applied, ipinagmamalaki natin ang ating reputasyon sa integridad at pagkamakatarungan sa ating mga pangkomersiyo na pakikitungo sa ating mga kostumer, mga supplier, at mga kasamahan sa industriya. Kapag nagsasangkot tayo sa mga pangkomersiyo na pakikitungo, dapat nating tiyakin na lagi nating trinatrato ang ating mga kasosyo sa negosyo sa isang etikal at magalang na paraang naaayon sa ating Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo.

Tayo ay nagtataguyod ng ating mga pamantayan

Sa Applied, tayo ay nakapangako sa pagtataguyod ng ating mga ibinahaging kahalagahan at sineseryoso ang mga paglabag sa mga Pamantayang ito at sa ating mga patakaran. Ang hindi pagsundo ay maaaring magkaroon ng seryosong kahihinatnan sa reputasyon ng Applied para sa tapat at patas na kasunduan sa negosyo. Ang mga paglabag sa mga Pamantayang ito, sa mga patakaran ng ating Kumpanya, at sa batas ay maaari ring magdala ng seryosong kahihinatnan sa mga indibidwal na kasangkot, kabilang ang pandisiplina na aksyong hanggang sa at kabilang ang pagsisante at posibleng sibil at kriminal na personal na pananagutan.

Mga Pagpaubaya

Ang anumang pagpaubaya sa Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Negosyo para sa isang ehekutibong opisyal o isang direktor ay maaari lang gawin ng Lupon ng Mga Direktor at dapat isiwalat nang kaagad ayon sa kinakailangan ng batas.



Mga Mapagkukunan

24 ORAS NA HELPLINE SA ETIKA

Pagtatanong o pag-uulat ng mga alalahanin (kabilang ang opsyong mag-ulat nang walang pangalan sa karamihan na mga bansa)



helpline.appliedmaterials.com

WEBSITE NG PANDAIGDIGANG ETIKA AT PAGSUNOD

Mga patakaran, mga pamamaraan at patnubay sa etika at pagsunod

Pumunta sa ethics/ sa iyong panloob na browser

MAGTANONG O MAG-ULAT NG MGA ALALAHANIN

Pagtatanong o pag-uulat ng mga alalahanin

ethics_everywhere@amat.com

MGA PAG-KONTAK

Talakayin nang direkta ang iyong mga katanungan o alalahanin

[Global Ethics & Compliance](#)
Legal & Compliance Organization
Global Employee Relations
Human Resources
Global Internal Audit

MGA KAMPIYON SA PAGSUNOD

Ang Kampiyon sa Pagsunod sa iyong Yunit ng Negosyo ay ang pangunahing pag-kontak para sa mga katanungan na nauugnay sa pamamahala sa Etika at Pagsunod, Kumpidensiyal na Impormasyon at Intelektuwal na Pag-aari

Pumunta sa vip/ sa iyong panloob na browser upang makita ang listahan ng mga Kampiyon sa Pagsunod

